



PAROKYA NG NUESTRA SEÑORA DEL CARMEN:
TAGAPAGDALA NG LIWANAG NI JESUS SA PAMAMAGITAN NI MARIA



ANG ESKAPULARYO

VOL. 2, S. 2018 | OCTOBER 2018

Ang lathalaing ito ay pag-aari ng Parokya ng Nuestra Señora del Carmen—Simbahan ng Barasoain.

Ang mga nakasulat dito ay nagpapakita ng mga pangyayari at programa ng parokya, at pananaw ng mga manunulat. Hindi kinakatawan ng mga nakasulat dito ang kabuuang pananaw ng Simbahan.

Kung may karagdagang katanungan o suhestiyon, maaari itong ipadala sa contact@barasoainchurch.org o pumunta sa opisyal na website ng parokya sa address na ito: www.barasoainchurch.org.

Copyright 2018

Department of Social Media
and Publications

Commission on Social
Communications—Barasoain
Church

Malolos City, Bulacan

MGA NILALAMAN

ANG PAROKYA SA HARAP NG MGA HAMON NG PANAHOON AT TAO	3
OBISPO JOSE OLIVEROS, DD, 71: SALAMAT PO BISHOP JOSE!	4
MGA KALAMIDAD NG BUHAY: PAANO TUMUTUGON ANG SIMBA- HAN	5
ARAW NG KALAYAAN 2018: PAG- PUPUGAY SA ISANG MALAYANG LAHI	5
KAPISTAHAN 2018: SI MARIA BILANG KASAMA SA PAG-UNLAD	6
ANG KAHALAGAHAN NG TEKNOLOHIYA SA PAGPAPALAGANAP NG SALITA NG DIYOS	8

MGA BALITANG PAMPAROKYA

RABBONI: CONCERT FOR A CAUSE, MATAGUMPAY	7
KORO MADRIGAL, NANGHARANA SA PIYESTA	7
PAROKYA NAMAHAGI NG TULONG SA MGA NASALANTA	7
KUMPIL PARA SA MGA BATA, ISASAGAWA	7



ANG PAROKYA SA HARAP NG MGA HAMON NG PANAHON AT TAO

Kamakailan lamang ay hamon ng ating lipunan hindi ipinagdiwang ng ating lamang sa loob kundi maging sa Parokya ang ika-159 ating pangkalahatang kalagayan. Ang pagkakaroon ng makabagong teknolohiya tulad ng Internet ang lalong nagpabilis ng nasabing paggalaw ng impormasyon sa atin.

Marahil ay hindi natin alintana ang kahalagahan ng ating simbahan at parokya sa ating pamumuhay sa araw-araw. Ngunit sa iba ang pagkakaroon ng masasandalang institusyon tulad ng ating Simbahan ay malaki na ang maitutulong sa kanilang mga pamumuhay. Kaya hindi kataka-taka na malaki ang

pagpapahalaga nila sa ating simbahan.

Isang daan at limampu't siyam na taon na mula nang maitatag ang ating Parokya. Sa kanyang naging papel sa ating kasaysayan masasabi nating tunay tayong mapalad bilang mga mananampalataya na maging bahagi nito. Patuloy nawa nating pag-alabin ang ating pagnanais na maglingkod at magbigay liwanag sa ating kapwa tulad ng ginawa ni Kristo sa ating lahat sa pamamagitan ng kanyang ina na si Maria. Nawa'y patuloy niya tayong gabayan sa ating paglilingkod sa Maykapal.

Ang ating parokya sa kasalukuyan ay humaharap sa mga



OBISPO JOSE OLIVEROS, DD, 71: SALAMAT PO BISHOP JOSE!

U maga ng ika-11 Mayo 2018 nang pumutok ang balita na pumukaw sa puso ng lahat ng mananampalataya sa Diyosesis ng Malolos: Ang Obispo nito, si Most. Rev. Jose F. Oliveros, 71, ay pumanaw na.

Hindi lingid sa kaalaman ng marami ang iniindang sakit ng Mahal na Obispo. Ilang taon din siyang nakipaglaban sa sakit na prostate cancer. Sa kanyang pakikibaka sa sakit na ito, napansin ang pagbabago sa kanyang itsura at ikinikilos. Marumi sa mga bagay na dating ginagawa

niya na mag-isa ay kinakailangan na niya ng katulong.

Nakita man ang unti-unting paghina ng kanyang katawang lupa ay patuloy namang nag-alab ang kanyang puso at determinasyon na maglingkod sa kanyang Diyoseis hanggang sa mga huling araw niya. Patuloy niyang isinagawa ang kanyang mandato bilang Obispo sa kabila ng kanyang karamdaman. Isa sa mga pinakahuling nagawa niya para sa Parokya ay ang basbasan ang mga kampana nito noong Enero 2018. Sa kanyang presensya nakita ang pag-asa ng Parokya na kanyang ipinakita. Nag-

ing inspirasyon siya hindi lamang ng mga taong naglilingkod sa simbahan kundi lalo na ng mga taong may karamdaman.

Ang kanyang mga nagawa ay magsilbi nawang inspirasyon sa bawat isang taga-Diyosesis na maglingkod hindi lamang para sa simbahan kundi maging sa kapwa. Ang kanyang alaala at mga nagawa nawa ang patuloy na magpanatiling buhay sa kanya sa ating mga puso at isipan. Nawa ay pamarisan natin at sundan ang kanyang buhay sa pamamagitan ng ating paglilingkod sa Diyos at sa kapwa.

MGA KALAMIDAD NG BUHAY:

PAANO TUMUTUGON ANG SIMBAHAN

Ang mga sunud-sunod na mga kalamidad na dumaan sa ating bansa ang sumubok sa katatagan at pagmalasakit nating mga Pilipino. Nakita ang iba't-ibang kaugalian natin sa mga panahon ng sakuna.

Ang simbahan, katuwang ang mga kasapi ng mga organisasyon nito, ay naglayon na matulungan ang mga nasalanta ng mga bagyo, baha at maging lindol at digmaan.

Ang Parokya ng Nuestra Señora del Carmen o mas kilala bilang Barasoain ay naglunsad ng tulong sa mga kaparokya nating nasalanta. Namigay ng mga relief goods sa mga barangay na binaha

at sa mga lugar na naapektuhan ng habagat.

Pinangunahan ni Fr. Dario V. Cabral, kasama ng mga kasapi ng Parish Pastoral Council ang pamimigay ng mga relief goods sa mga nasalanta upang magsilbing tulong sa mga biktima ng pagbaha. Nakapokus ang atensyon ng pamamahagi ng mga relief goods sa mga barangay na may mataas na lebel ng tubig lalo na sa Barangay Anilao na kung saan maraming kabahayan ang nalubog sa tubig.

Tunay ngang nararapat nating ipagatutuy ang paglilingkod sa ating kapwa dahil ang misyon ng simbahan ay hindi lamang sa pagpapahayag ng Mabuting

Balita kundi maging sa pagpapalaganap ng Mabuting Gawa sa kapwa lalo na sa mga nangangailangan.



ARAW NG KALAYAAN 2018:

PAGPUPUGAY SA ISANG MALAYANG LAHI



Hindi natinag ng pag-uulan na dala ng habagat ang pagdiriwang ng ika-120 anibersaryo ng Kalayaan ng Pilipinas. Naganap noong ika-12 ng

at ng parokya ng Barasoain ang nasabing okasyon. Naging panauhing pandangal naman si Sen. Richard Gordon sa naganap na palatuntunan.

Hunyo 2018 ang isang simpleng paggunita sa makasaysayang araw ng kasarinlan ng bansa. Ang pinangunahan ng NHCP—Barasoain ang naging selebrasyon katuwang ang pamahalang lokal ng Malolos, pamahalaang panlalawigan ng Bulacan Ang kalayaan ng bansa ay isang biyaya ng Diyos na kanyang ibinigay sa mga mananampalataya Niya. Ang ibinahagi na ito sa atin ng Maykapal ay nagpapakita ng kanyang pagnanais na tayong kanyang mga nilikha ay magkaroon ng kakayahang mamuhay ng malaya. Tulad ng ating mga bayani, ang pagsugo sa Kanyang Anak ang nagpalaya sa ating mga nilikha Niya mula sa mga kasalanan at sa kamatayan. Gamitin natin ang biyayang ito sa tamang pamamaraan at sang-ayon sa Kanyang aral at kalooban.

KAPISTAHAN 2018:

SI MARIA BILANG KASAMA SA PAG-UNLAD

Ang Kapistahan ng Birhen ng Bundok Carmelo na patron ng makasaysayang simbahan ng Barasoain ay nagpapaalala sa atin na marapat tayong magpasalamat sa isang taon na tayo ay kanyang ginabayan. Marami tayong pinagdaanan sa ilalim ng kanyang paggabay ngunit dahil sa kanyang pagmamahal nalagpasan natin ang mga iyon at patuloy tayong nagpupugay sa kanyang ngalan.

Ang Birhen ng Bundok ng Carmelo ay isang halimbawa ng patron na pinasasalamatan ng isang komunidad ng mga mananampalataya dahil sa patuloy niyang pamamagitan sa atin sa Ama. Ang ating patrona ay nagpapakita ng habag sa mga

lumalapit sa kanya at nagbibigay pag-asa sa mga taong nangangailangan ng awa at tulong.

Ipinapakita rin ng ating mahal na patrona ang mga nararapat nating matutuhan bilang mga Kristiyano lalo na ang pagtanggap at pagtalima sa kalooban ng Diyos Amang makapangyarihan. Tinanggap Niya ang tungkulin na dalhin si Hesukristo sa kanyang sinapupunan nang walang pag-aalinlangan. Ang kanyang pagsunod ang nagsisilbi nating ehemplo sa pagsunod sa kalooban ng ating Diyos Ama.

Ang kanyang ginawang pagsunod sa ating Panginoon ang nagdala sa kanya upang mapagtagumpayan ang

maraming hamon ng buhay lalo na noong mapako ang kanyang sariling Anak sa krus. Masakit man na makita niya na ang kanyang anak ay naghihirap, ay tinanggap Niya ito bilang pagsunod sa nais ng Diyos upang maligtas ang lahat.

Hanggang sa oras ng kanyang kamatayan ay nakita ang kanyang pagsunod sa Diyos. Bilang ganti sa kanyang nagawa, itinanghal siya ng Diyos bilang Reyna ng Langit at Lupa.

Si Maria ay hindi lamang isang huwarang ina at babae kundi isa ring mabuting halimbawa ng pagiging mabuting lingkod sa Diyos. Tayo nawa ay sumunod sa kanyang halimbawa sa pagiging masunuring alagad ng Diyos.



MGA BALITANG PAMPAROKYA



RABBONI: CONCERT FOR A CAUSE, MATAGUMPAY

Muling pinatunayan ng Parokya ang pagiging sentro nito hindi lamang sa kasaysayan kundi maging sa sining. Nito lamang ika-8 ng Setyembre 2018, Araw ng Paggunita sa Kaarawan ng Inang Birhen ay isinagawa ang Rabboni: Concert for a Cause na kinatampukan ng The Nightingales. Ang mga manonood ay nasaksihan ang kagalingan sa pag-awit ng mga nagtanghal kabilang si Fr. Dario V. Cabral. Ang nasabing konsyerto ay para sa itatayong foundation para sa mga guro na nais mag-aral ng Master's Degree.

KORO MADRIGAL, NANGHARANA SA PIYESTA

Bilang selebrasyon sa Kapistahan ng Birhen ng Bundok ng Carmelo, ang Koro Madrigal, na binubuo ng mga nakatapos nang kasapi ng Madrigal Singers, ay nagtanghal sa Simbahan ng Barasoain upang mangharana sa isang libreng konsyerto na ginawa sa gabi bago ang Araw ng Kapistahan. Ang mga nanood ay naaliw sa mga kanta na ibinahagi ng grupo. Bukod sa Koro Madrigal, umawit din ang LCDM o Los Cantantes de Manila.



PAROKYA NAMAHAHI NG TULONG SA MGA NASALANTA

Dahil sa walang humpay na pag-ulan na dulot ng hanging habagat, marami sa mga komunidad ng Parokya ang nalubog sa malalim na baha. Upang makatulong sa kanilang dinaranas na kalamidad, ang parokya ay namahagi ng relief goods sa mga kaparokya nating napinsala ng mga pag-ulan. Pinangunahan ng Parish Pastoral Council ang pag-iimpake, paghahatid at pamamahagi ng mga relief goods sa mga taong naapektuhan ng mga pagbaha. Taos-puso namang naghatid ng pasasalamat ang mga natulungan sa mga namahagi.

KUMPIL PARA SA MGA BATA, ISASAGAWA

Inaanyayahan ang mga bata na nagnanais makatanggap ng Sakramento ng Kumpil na magpalista sa isasagawang taunang Kumpilang Bayan. Ang nasabing Kumpil ng Bayan ay sa ika-3 ng Nobyembre, taong kasalukuyan. Upang maihanda sila sa gagawing paggagawad ng nasabing sakramento, ang mga bata ay kinakailangang dumalo sa gagawing orientation-seminar sa ika-20 at 28 ng Oktubre 2018. Ang gawaing ito ay pangungunahan ng PASKA Barasoain. Para sa mga interesado, makipag-ugnayan kay Gng. Dory Dionio sa Tanggapan ng Parokya.





ANG KAHALAGAHAN NG TEKNOLOHIYA SA PAGPAPALAGANAP NG SALITA NG DIYOS

Sa kasalukuyang panahon, ang paggamit ng makabagong teknolohiya ay isa sa mga pinagtutuunan ng pansin sa Diyosesis ng Malolos. Kanya-kanyang pamamaraan ang mga parokya sa pagpapaunlad ng kanilang sistemang teknikal.

Ngunit bakit nga ba ito pinagtutuunan ng pansin? Ang paggamit ng teknolohiya ay maihahalintulad sa paggamit ng talinghaga ng ating Panginoong Hesukristo sa pagtuturo ng mga aral ng Diyos sa kanyang mga disipulo. Nararapat

na gumamit ng iba't-ibang paraan sa pagpapalaganap nito.

Ang paggamit ng internet ang isa sa mga makabagong paraan ng paghahatid ng Mabuting Balita.

Isang halimbawa nito ang paglalagay ng Facebook Page, Website at Live Streaming. Hindi lamang ito nagpapabilis ng komunikasyon kundi nawawala rin ang distansya na naghihiwalay sa mga tao.

Sa loob ng parokya, pinag-iigting ang paggamit ng projector sa mga misa at sa mga mahahalagang gawain. Patuloy din ang isinasagawang pagsasanay sa mga nagnanais makibahagi sa paggamit nito.

Ang pagpapalaganap ng Mabuting Balita ay maisasagawa sa maraming paraan. Sa makabagong panahon na ito, nangangailangan din ng makabagong daan upang patuloy na matanggap ng mga tao ang mensahe ng pagmamahal ng Diyos sa bawat isa.

ANG ESKAPULARYO

EDITOR IN CHARGE: ALVIN V. ZALZOS

CONTRIBUTORS: CHRIS O. ARELLANO, LISETTE ADRIANO,

MARY GRACE CALUAG, JEFFREY RIVERA

PROOFREAD BY: ATTY. EDEN C. BAUTISTA

ADVISER: REV. FR. DARIO V. CABRAL

DEPARTMENT OF SOCIAL MEDIA AND PUBLICATIONS

COMMISSION ON SOCIAL COMMUNICATIONS—BARASOAIN CHURCH

MALOLOS CITY, BULACAN | 044-794-4340 | www.barasoainchurch.org

